


7

Araling Panlipunan

Ikatlong Markahan – Modyul 1: Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo ng mga Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya



Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikatlong Markahan – Modyul 1: Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo ng Mga Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maylin Bacangallo-Arnesto

Editor: Enrile O. Abrigo Jr.

Tagasuri: Nimfa V. Alaska

Tagaguhit: Karl Gabriel G. Buenafe

Tagalapat: Liezl O. Arosio ; Jera Mae Cruzado

Tagapamahala: Dr. Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Freddie Rey R. Ramirez

Danilo C. Padilla

Cyril C. Serador

Ronald S. Brillantes

Marites L. Arenio

Eva Joyce C. Presto

Rhea Ann A. Navilla

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address : Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telefax : (02) 8631-4070; 8637-3093; 8637-3139

Email Address : region4b@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

**Ikatlong Markahan – Modyul 1:
Unang Yugto ng Kolonyalismo
at Imperyalismo ng mga Kanluranin
sa Timog at Kanlurang Asya**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayan itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa pagtatapos ng bawat aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinaaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Halina't simulan natin!

Sa araling ito, bigyan ng pansin ang sumusunod na katanungan. Kapag narinig mo ang salitang kolonyalismo at imperyalismo, ano ang pumapasok sa iyong isipan? Bakit maraming Kanluraning bansa ang nanakop sa mga bansa sa Asya?

Upang lubos mong maunawaan ang araling ito, halina't talakayin natin ang Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo ng mga Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya! Ngunit bago ito, hayaan mong ilahad muna sa iyo ang mga layunin para sa modyul na ito.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan sa iyo ang sumusunod:

1. Naiisa-isa ang mga dahilan at paraan ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya;
2. Natatalakay ang mga dahilan at paraan ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya; at
3. Natutukoy ang epekto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya.

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutuhan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan:

PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)

Ang mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 Siglo).

PAMANTAYAN SA PAGGAWA (Performance Standard)

Ang mag-aaral ay nakapagsasagawa ng kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 Siglo).

PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)

- Nasusuri ang mga dahilan, paraan, at epekto ng Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo ng mga Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya (ika-16 at ika-17 siglo).



Subukin

Panuto: Basahin at unawain ang mga katanungan. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang sumusunod ay epekto ng unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo MALIBAN sa isa. Alin dito?
 - A. Paglakas ng ugnayan sa silangan at kanluran.
 - B. Paglaganap ng sibilisasyong kanluranin sa silangan.
 - C. Pagbabago ng *ecosystem* ng daigdig bunga ng pagpapalitan ng kalakal.
 - D. Interes sa bagong pamaraan at teknolohiya sa heograpiya at paglalayag.
2. Ito ang mga dahilan na udyok sa mga Kanluranin na magtungo sa Asya.
 1. Merkantilismo
 2. Renaissance
 3. Paglakbay ni Marco Polo
 4. Ang Pagbagsak ng Constantinople

A. 1 at 2 B. 2 at 3 C. 1, 2, at 3 D. 1, 2, 3, at 4
3. Mahalaga ba ang unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo ng mga Kanluranin sa mga Asyano?
 - A. Oo, dahil maraming pagbabago sa patakarang pinairal ng mga Kanluranin ang nakatulong sa mga Asyano.
 - B. Oo, ang pagkamkam ng mga Kanluranin sa mga likas na yaman ng Asya ay nagbigay naman ng daan para sa makakanluraning modernisasyon ng kontinente.
 - C. Hindi, dahil gustong pakinabangan ng mga kanluranin ang mga likas na yaman sa Asya para sa kanilang sariling interes lamang.
 - D. Hindi, dahil nagpaligsahan ang mga Kanluranin sa pagpalawak ng lupain upang kilalanin pinakamakapangyarihan sa Timog at Kanlurang Asya.
4. Sinasabing ang aklat ni Marco Polo ang siyang gumising sa kuryosidad at imahinasyon ng mga Europeo upang makipagsapalaran sa ibayong dagat para marating ang Asya. Ano ang pinakaangkop na mensahe ang nais ipahiwatig nito?
 - A. Naging masaya ang buhay ng mga Europeo.
 - B. Lahat ng Europeo ay nakarating ng Asya.
 - C. Naging daan ito nang pananakop ng mga Europeo sa Asya.
 - D. Ginawang inspirasyon ng lahat ng Europeo ang aklat sa kanilang pamumuhay.
5. Bakit naging masigasig ang mga manlalayag na makapagtatag ng kolonya sa mga lugar na kanilang sinakop?
 - A. makasingil ng buwis
 - B. magsilbing himpilan ng operasyon
 - C. pagkunan ng ginto at pilak
 - D. lahat ng nabanggit
6. Ito ang isa sa magagandang naidulot ng pananakop o kolonyalismo.
 - A. Paghahati ng mga lupain sa daigdig.
 - B. Pagpukaw ng interes sa makabagong pamamaraan at teknolohiya.
 - C. Pagpapalawig ng impluwensiya ng mga maharlikang pinuno.
 - D. Pagpapakita ng malawak na kapangyarihan ng simbhang katoliko.

7. Ang sistemang merkantilismo na ipinatupad ng mga Europeo ay_____.
- nagpabilis sa kalakalan ng Asya at Europa.
 - nagpabagal sa kalakalan ng Asya at Europa.
 - naging batayan ng kapangyarihan ng mga bansa sa Europa.
 - ang nagtustus sa mga bansang Europeo sa kanilang pangangailangan.
8. Ang sumusunod ay pagbabagong naganap sa panahon ng renaissance, alin ang HINDI kabilang sa mga ito?
- Naging masigasig ang mangangalakal sa larangan ng eksplorasyon.
 - Napalitan ng maka-agham na pag-iisip mula sa pagiging mapamahiin.
 - Natuon ang interes ng tao sa istilo at disenyo.
 - Nagpayaman ang mga pinuno ng simbahan.
9. Ang pagpapalawak ng prinsipyong pang-ekonomiya upang itaguyod ang kayamanan at kapangyarihan ay kilala rin sa tawag na sistemang _____.
- Kolonyalismo
 - Ekspedisyon
 - Merkantilismo
 - Industriyalismo
10. Ang sumusunod ay pangunahing layunin ng kolonisasyon.
- Pangkabuhayan
 - Pangrelihiyon
 - Ang pagpapalawak ng kapangyarihan
 - Pakikipagkaibigan
- 1, 2, at 3
 - 1, 2, at 4
 - 1, 3, at 4
 - 2, 3, at 4
11. Ang sumusunod ay naging epekto ng kolonisasyon sa Asya, alin ang HINDI kabilang sa mga ito?
- Pagtatag ng mga organisasyon ukol sa paglaban sa mga mananakop.
 - Naging pamilihan ng mga hilaw na materyal.
 - Pagpapatayo ng mga paaralan.
 - Pagsasarili.
12. Ang sumusunod ay mabubuting naging dulot ng krusada, alin ang HINDI kabilang sa mga ito?
- Nagkaroon ng ugnayan sa silangan ang mga Europeo.
 - Nagpasigla ng kalakalan sa pagitan ng Europa at Asya.
 - Maraming Europeo ang nagkainteres na makarating sa Asya.
 - Naging makaagham ang pag-iisip mula sa mga pamahiin.
13. Ang bansang Portugal at Spain ay hinangad na sakupin ang mga bansa sa Asya _____.
- Upang manatili sa kapangyarihan at malayang makapanakop.
 - Upang tanghaling pinakamakapangyarihang bansa sa mundo.
 - Upang makuha ang Moluccas.
 - Upang makilala.
14. Ang pinakawastong kahulugan ng Renaissance ay _____.
- Muling pagsikat ng kulturang Helenistiko
 - Muling pagsilang ng kulturang Griyego-Romano
 - Panibagong kaalamang panrelihiyon sa Europe
 - Panibagong kaalaman sa Agham
15. Bago naganap ang pagsilang ng renaissance, ang buhay ng mga tao sa Europe ay nakasentro sa _____.
- komersyo
 - sining
 - eksplorasyon
 - relihiyon

Aralin

1

Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo ng mga Kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya

Ngayon, bago ka tumungo sa susunod na aralin ay sukatin muna ang iyong natutuhan sa nakalipas na aralin sa pamamagitan ng inihandang gawain.

Natatandaan mo ba ang mga ito? Halika na, sagutin mo ang mga gawain!



Balikan

Kahanga-hanga at maipagmamalaki ang mga nagawa ng mga sinaunang kabihasan. Ano-ano ang kontribusyon ng sinaunang lipunan at komunidad sa Asya?

Gawain: Itala Mo, Sagot Mo!

Panuto: Punan ang talahanayan at isulat sa pangalawang kolum ang kontribusyon ng sinaunang lipunan at komunidad ng Mesopotamia habang sa pangatlong kolum naman ay ang kahalagahan nito. Gawin ito sa sagutang papel.

Sinaunang Lipunan	Kontribusyon	Kahalagahan
Sumer		
Phoenicia		
Assyria		
Babylonia		



Mga Tala para sa Guro

Naglalaman ang modyul na ito ng mga mungkahing gawain upang malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Kinapapalooban ito ng iba't ibang estratehiya tulad ng paggamit ng graphic organizer, sanaysay, Reflective Journal, atbp. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa tatlong araw na sesyon. Iminumungkahi na pagyamanin pa ng mga guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.



Tuklasin

Gawain: Letra Mo, Ipuno Mo!

Panuto: Punan ang mga nawawalang letra sa loob ng kahon. Ibigay ang kahulugan nito at isulat ang mga kasagutan sa iyong kuwaderno.

Ko _ _ n _ a _ _ _ mo	Im _ e _ _ a l _ s _ o
------------------------------	-------------------------------



Suriin

Natapos mo na ang isang gawain. Ang gawaing iyon ay may kinalaman sa paksang ating tatalakayin. Handa ka na ba? Halina't talakayin ang paksang ito.

Napakaraming Kanluranin ang naghangad na sakupin ang Asya dahil sa taglay nitong likas na yaman. Magkakaibang paraan ang ginawa upang makarating ang mga Kanluranin sa Asya upang sakupin ito. Ano-ano ang kaganapan na nagbunsod ng kolonyalismo at imperyalismo sa mga bansa sa Asya?

Kolonyalismo at Imperyalismo

Ang **kolonyalismo** ay ang pagsakop ng isang bansa upang pakinabangan ang mga likas na yaman nito.

Ang **imperyalismo** ay pagpapalawak ng teritoryo upang magkaroon ng pandaigdigang kapangyarihan o world power. Ito rin ang pagkontrol sa pangkabuhayan at pampolitikang kaayusan ng iba't ibang bansa.

Ang konsepto ng kolonyalisasyon ay tumutukoy sa pananakop sa isang teritoryo upang ipasailalim ito sa kapangyarihan ng dayuhang bansa. Ang mga layunin nito ay ang sumusunod:

1. Pangkabuhayan - upang mapalawak ang industriya at kalakalan ng mananakop na bansa at matamasa ang hilaw na yaman ng nasakop na teritoryo;
2. Panrelihiyon - upang palaganapin ang paniniwala ng mga Europeo sa iisang Diyos (Ang Kristiyanismo ang naging bandila ng pananakop ng mga bansang Europeo) na magbibigay daan para kontrolin ang isip at damdamin ng nasasakupang bayan; at


3. Ang pagpapalawak ng kapangyarihan - upang makapagtatag ng base-militar at malawakang kolonya.

Ito rin ay tumutukoy sa proseso ng pagbabahagi ng mga Europeo at pagkakaroon ng kapangyarihang politikal sa malalaking bahagi ng bansa na kanilang nasakop. Ang *tatlong G* ay ang sumusunod: *God* (panrelihiyon), *Gold* (pagpapaulad ng ekonomiya), at *Glory* (pagpapalawak ng kapangyarihan).

Unang Yugto ng Kolonyalismo at Imperyalismo

Mula pa noong unang panahon ay mayroon nang namamagitan kalakalan sa mga European at Asyano. Ito ay naganap sa pamamagitan ng tatlong rutang pangkalakalan.

Ruta ng Kalakalan noong Unang Panahon



Hilagang ruta

- Ito ay nagmumula sa China at dumaraan sa Samarkand at Bokhara ng Gitnang Asya hanggang sa Constantinople.

Gitnang ruta

- Mula sa mga lugar sa Asya ang iba pang mangangalakal ay tutungo naman sa baybay ng Syria sa daang Golpo ng Persia.

Timog Ruta

- Ang sasakyang pandagat ng mga mangangalakal ay bumabagtas mula sa India at iba pang daungan sa Asya habang sa Karagatang Indian patungong Egypt sa pamamagitan ng Red Sea.

Ang tatlong rutang gamit ng mga mangangalakal ay isinara nang bumagsak ito sa kamay ng mga Turkong Ottoman na naging daan upang kontrolin at imonopolyo ang kalakalan sa pagitan ng Asya at Europa. Sa pakikipag-unahan na pumalaot gamit ang mga sasakyang pandagat para tumuklas at gumalugad ng mga bansa sa Asya, ang mga Kastila at Purtuges ay siyang nanguna sa pagtuklas ng panibagong ruta patungong silangan.

Dahilan na Nagbunsod sa mga Kanluranin na Magtungo sa Asya

Merkantilismo

Umiiral ang prinsipyong pang-ekonomiya sa Europe na kung maraming ginto at pilak, may pagkakataon na maging mayaman at makapangyarihan ang isang bansa. Naging dahilan ito ng mga bansang Europeo upang mag-unahan na makakuha ng mga lupaing masasakop sa Asya.

Merkantilismo ang prinsipyong pang-ekonomiya na umiral sa Europa noon kung saan naging batayan ng kapangyarihan ay ang paglikom ng maraming ginto at pilak. Isa rin itong sistema ng pamamahala upang itaguyod ang kayamanan at kapangyarihan ng estado. Nagkaroon ng merkantilismo sa paniniwala ng mga Europeo na may malaking magagawa ang ginto at pilak sa katuparan ng kanilang mga adhikain.

Dahil sa kasiglahan ng kalakalan ay nag-isip ang mga mangangalakal na pagsama-samahin ang kanilang yaman at puhunan at magtatag ng kompanyang komersyal. Nakilala rin ang pandaigdig na pagbabangko. Nagkaroon ng tinatawag na Bookeeper, ang tagapagsuri ng aklat de kwenta, pagpapautang sa kasosyo, at salaping-puhunan at prenda o kasulatan ng umutang o kaya nagpautang.

Mga Krusada

Isang kilusan na inilunsad ng simbahan at ng mga Kristiyanong hari upang mabawi sa mga mananakop na gaya nang Turkong Seljuk at Ottoman ang banal na lugar, ang Jerusalem sa Israel. Dahil dito nagkaroon ng kontak ang mga Europeo sa silangan.

Hindi man lubusang nagtagumpay ang krusada, marami ding mabuting naidulot nito. Nagkaroon ng ugnayan ang mga Europeo sa Silangan at nakilala nila ang mga produkto ng Silangan tulad ng pampalasa, mamahaling bato, pabango, sedang tela, porselana, prutas, at iba pa na nakabighani sa mga Europeo.

Ang krusada ang nagpasigla ng kalakalan sa pagitan ng Europa at Asya. Naging masigla ang palitan ng kalakalan kaya maraming Europeo ang nagkainteres na makarating sa Asya. Ito rin ang naging daan para magkainteres ang malalaking bansa sa Europa na sakupin ang ilang lugar o bansa sa Asya.

Paglalakbay ni Marco Polo

Isinulat ni Marco Polo sa kaniyang aklat na "*The Travels of Marco Polo*" ang mga nakita niyang magagandang kabihasnang sa mga bansa sa Asya lalo na sa China. Mahalaga ang aklat na ito dahil nabatid ng mga Europeo ang yaman at kaunlarang taglay ng mga bansa sa Asya. Sinasabing ang aklat na ito rin ang isa sa gumising sa kuryosidad at imahinasyon ng mga Europeo na nag-udyok sa kanila upang makipagsapalaran sa mga bansa sa Asya.

Renaissance

Naging inspirasyon din ng mga mangangalakal ang *Renaissance* (salitang Pranses na ang ibig sabihin ay panahon ng Muling Pagkabuhay. Ang pagbuhay muli sa mga magagandang tradisyon at kultura ng mga sinaunang Greyego at Romano ang sentro ng panahon ng Renaissance) dahil naging maunlad ang ekonomiya. Sa larangan ng ekplorasyon, binigyang-sigla ng renaissance ang mga manlalakbay na galugarin ang mundo. Ito ang panahon na nabuhay muli ang interes ng mga mamamayan sa kalikasan ng tao. Bunga nito, nakilala ang mga taong may kakayahan sa iba't ibang larangan. Napalitan ito ng maka-aham na pag-iisip mula sa paniniwala sa mga pamahiin. Masasabing ang pangunahing interes ay labas sa saklaw ng relihiyon.

Sa panahon ng *Renaissance* ay natuon ang interes ng tao sa istilo at disenyo sa pamahalaan, sa edukasyon, sa wastong pag-uugali at sa paggalang ng pagkatao ng isang indibidwal, na ito ang binigyang-pansin ng Renaissance kaya hindi nakapagtataka na maraming pagbabago sa sining at agham.

Ang Renaissance ang nagbukas ng daan sa pagbabago sa larangan ng kalakalan at negosyo kaya umusbong ang rebolusyong komersiyal na nagdulot ng mga pagbabago sa gawang pang-ekonomiya.

Ang Pagbagsak ng Constantinople (bahagi ng Turkey sa kasalukuyan)



Ang Constantinople ay isang bahaging teritoryo na pinakamalapit sa kontinente ng Europa. Naputol ang ugnayan ng pangangalakal sa mga Europeo at mga Asyano nang dahil sa pagsakop ng Turkong Muslim sa ruta ng kalakalan. Dahil dito, napilitang maghanap ng bagong ruta ang mga mangangalakal na Europeo.

Ito ang nagsilbing rutang pangkalakalan mula Europa patungong India, China, at iba pang bahagi ng Silangan na napasakamay ng mga Turkong Muslim noong 1453. Lumakas ang mga Turkong Muslim at sinakop ang Jerusalem, habang nanganib ang Constantinople na kalaunan ay bumagsak din sa kamay ng mga mananakop. Kaya humingi ng tulong ang Emperador ng Constantinople para labanan ang mga Turkong Muslim at mabawi ang Jerusalem. Ang naging resulta ay ang ganap na pagkontrol ng mga mananakop na Muslim sa mga ruta ng kalakalan mula sa Europa patungong Asya. Ang mga kalakal na nakukuha sa Asya ng mga Italyano ay dinadala sa kanlurang bahagi ng Europa tulad ng Portugal, Spain, Netherlands, England at France.

Napakahirap at mapanganib ang paglalayag dahil wala pang maunlad na gamit sa paglalakbay sa dagat. Noong ika-16 na siglo, naimbento ang mas maunlad na kagamitang pandagat tulad ng *astrolabe* na kung saan ginagamit upang malaman

ang oras at latitud, at ang *compass* na ginagamit naman upang malaman ang direksiyon na pupuntahan.

Ang iba't ibang dahilan na nagbunsod sa mga Kanluranin na makarating sa Asya ang naging daan para sumigla ang palitan ng kalakal ng mga Europeo at mga Asyanong mangangalakal at makilala ng mga Kanluranin ang mga likas na yaman at mga hilaw na materyal na panustos sa industriya. Ang mga Indian at Arabe ay lubhang naapektuhan dahil pinakinabangan ng husto ang kanilang likas na yaman at mga hilaw na sangkap tulad ng langis at iba pang kalakal.

(**Pinagkunan:** Rosemarie C. Blando et al., *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba*, Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral, Department of Education, 2014, 196-199.)

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mas higit na nakaimpluwensiya sa mga Kanluranin na manakop?
2. Nakabuti ba sa mga Asyano ang pananakop ng mga Kanluranin?

Paggalugad at Pagtuklas ng mga Bansang Kanluranin



Pinangunahan ng Spain at Portugal ang paghahanap ng mga ruta. Maraming manlalayag na Europeo ang naglakbay ngunit ang pinakamahalaga sa lahat ay ang paglalakbay ni Vasco de Gama sapagkat nalibot niya ang *Cape of Good Hope*

Ang dulo ng Africa na siyang nagbukas ng mga ruta patungong India at sa mga ilang sakop nito ang naging isa sa mga mahahalagang lugar para sa nabigasyon ng mga manlalayag na Europeo sa paglalakbay patungo sa mga bansa sa Asya.

Matapos mabuksan sa publiko ang mga ruta, nagpaligsahan ang mga bansa tulad ng Germany, England, Russia at Amerika. Nakilahok din ang Spain at Portugal maging ang Netherlands. Ang layunin ng naturang paligsahan ay upang matukoy at mabigyang parangal ang pinakamahasag at malakas sa mundo sa pamamagitan ng pagpapalawak ng teritoryo o lupaing sakop. Nanguna ang Portugal at Spain na naging matindi ang pagpapaligsahan sa paggalugad at pagsakop sa mundo. Sa matinding tunggalian ng dalawang bansa, namagitan ang Papa ng Simbahang Katoliko para maiwasan ang sigalot na maaring mauwi sa digmaan. Taong 1494, nagtalaga ng *line of demarcation* o hangganan kung saan lamang maaring dumaan at maglayag ang dalawang bansa sa pagtuklas at paggalugad sa mundo, ayon din sa kasunduang Tordesillas, ang Portugal ay maggalugad sa bandang silangan samantalang ang Spain naman ay kanlurang bahagi.

Portugal

Ang Portugal ay nakakuha ng maraming piling lugar sa Asya. Noong 1498 nagbalik at nagtatag si Vasco de Gama ng sentro ng kalakalan sa may Calicut, India. Ipinadala din si Francisco de Almeida bilang Viceroy sa silangan. Samantalang si Albuquerque naman ay natuklasan ang ibang bahagi ng Asya. Tinalo din nila ang Spanish Armada (mga bapor pandigma ng Spain na ginamit para sa planong sakupin ang England) at ibinuhos ang atensyon sa pakikipagkalakalan maging ang lupain ng India.

France

Ang France ang pangatlong bansa na gustong sumakop sa bansang India. Noong ika-18 siglo sinakop ng France ang Laos, Cochin, China, Cambodia at Annam sa Asya na tinawag na French Indo-China.

Spain

Sa ipinadalang ekspedisyong ng Hari ng Espanya at sa pangunguna ni Ferdinand Magellan, ang rutang pakanluran na gabay ng kanyang paniniwalang ang mundo ay bilog ang tinahak ng bansang ito upang makilahok sa pandaigdigang paglalayag at pagtuklas. Pinilit ng mga Kastila ang mga katutubo na kumilala sa kapangyarihan ng Espanya at hinimok na umanib sa Kristiyanismo. Mula sa Pilipinas ay lumawak ang sakop nito at lumaganap sa China, Japan, at maging sa Taiwan.

Netherlands

Matapos makipaglaban ang Netherlands sa Spain para sa kanyang kalayaan, ang daungan naman ng Amsterdam kung saan nakabatay ang pakikipagkalakalan ng bansa ay isinara. Dahilan upang nagawa ng Dutch na sumunod sa pananakop sa mga bansa sa Asya dahil na rin sa kawalan ng mga pinagkukunang yaman. Sinakop nito ang Java at Sumatra sa Indonesia, Formosa, Ceylon o kilala sa tawag na Sri Lanka. Ngunit noong 1795, ang Netherlands ay napasailalim sa kapangyarihan ng France dahil sa digmaang Napoleonic. Bunga nito humina at napabayaang ng Holland ang kanyang mga kolonya at kalaunan ay napasailalim sa England ang kabuoang teritoryo nito.

England

Sinimulan ang pananakop ng England sa Silangan sa pamamagitan ng *English East India Co.*, samahan ng mga mangangalakal na Ingles. Upang mapatupad ang mithiin nito, binigyan ng kaukulang kapangyarihan upang mangalakal at pamahalaan ang pananakop nito.

(**Pinagkunan:** Rosemarie C. Blando et al., *Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba*, Araling Panlipunan Modyul para sa Mag-aaral, Department of Education, 2014, 201-204.)

(**Pinagkunan:** Grolier Family Encyclopedia. United States of America: Danbury, Conn.: Grolier 1995. Vol. 13, p. 259, Vol. 15, p. 144, Vol. 18, p. 291.)


Epekto ng Kolonisasyon

Maraming mahahalagang epekto ang kolonisasyon katulad ng sumusunod:

1. Nagbigay-daan ang mga eksplorasyong ito sa malawakang pagkakatuklas ng mga lupain sa Asya na pinangunahan ng Spain at Portugal, lalo na sa hindi pa nagagalugad at mga sibilisasyong hindi pa natutuklasan. Ito rin ang nagpalakas sa ugnayang silangan at kanluran.
2. Nakapukaw ng interes ang makabagong pamamaraan at teknolohiya sa heograpiya at paglalayag.
3. Sumigla ang paglaganap ng sibilisasyong kanluranin sa silangan.
4. Naging dulot ito ng maraming suliranin sa mga bansang nasakop.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-anong bansa ang nanguna sa unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo? Ano-anong bansa ang kanilang nasakop?
2. Sino ang higit na nakinabang sa unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo? Bakit?
3. Mahalaga ba ang unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo ng mga Kanluranin sa Asya? Bakit?



Pagyamanin

Gawain 1: Bansa ko, Sakop Mo!

Panuto: Batay sa teksto, isulat ang mga hinihinging impormasyon sa talata sa sagutang papel.

Mananakop	Paraan ng Pananakop
Portugal	
France	
Netherlands	
England	
Spain	

Gawain 2: Pagbibigay-Kahulugan

Panuto: Ibigay ang kahulugan at kahalagahan ng mga konsepto sa ibaba batay sa naunawaan at natutunang aralin tungkol sa Kolonyalismo at Imperyalismo sa Europa. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

Konsepto	Kahulugan	Kahalagahan
Merkantilismo		
Constantinople		
Renaissance		
Krusada		

Gawain 3: Punuan Mo Ako!

Panuto: Punan ang tsart tungkol sa dahilan, paraan, at epekto ng unang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya. Gawin ito sa kuwaderno.

Dahilan	
Paraan	
Epekto	




Isaisip

Gawain: Subukin Natin ang Iyong Kaalaman!

Panuto: Dugtungan ang parirala o pangungusap na nasa ibaba. Gumawa ng salaysay batay sa iyong kaalaman.

1. Ang mga Kanluranin ay may iba't ibang paraan at dahilang ginamit upang sakupin ang ibang bahagi ng Asya, ito ang mga

2. Mayroong ipinatupad na patakaran sa mga bansa sa Asya na higit na nakaapekto sa pamumuhay sa unang yugto ng kolonyalismo at imperyalismo, ito ay ang mga




Isagawa

Gawain: Simbolo, Guhit Mo!

Panuto: Gumuhit ng isang simbolo na naglalarawan ng pananakop ng mga Kanluranin sa mga bansang Asyano. Ilagay sa loob ng bilog ang sagot. Gawin ito sa kuwaderno.

- Ano ang pakahulugan ng simbolo na ito?
- Paano kaya ito nakaapekto sa mga bansang nasakop?




Tayahin

Panuto: Basahin at unawain ang mga katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ito ang isa sa magagandang naidulot ng pananakop o kolonyalismo.
 - A. Paghahati ng mga lupain sa daigdig.
 - B. Pagpukaw ng interes sa makabagong pamamaraan at teknolohiya.
 - C. Pagpapalawig ng impluwensiya ng mga maharlikang pinuno.
 - D. Pagpapakita ng malawak na kapangyarihan ng simbahang katoliko.
2. Bakit naging masigasig ang mga manlalayag na makapagtatag ng kolonya sa mga lugar na kanilang sinakop?
 - A. makasingil ng buwis
 - B. magsilbing himpilan ng operasyon
 - C. pagkunan ng ginto at pilak
 - D. lahat ng nabanggit

3. Mahalaga ba ang unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo ng mga Kanluranin sa mga Asyano?
- Oo, dahil maraming pagbabago sa patakarang pinairal ng mga Kanluranin ang nakatulong sa mga Asyano.
 - Oo, ang pagkamdang ng mga Kanluranin sa mga likas na yaman ng Asya ay nagbigay naman ng daan para sa makakanluraning modernisasyon ng kontinente.
 - Hindi, dahil gustong pakinabangan ng mga kanluranin ang mga likas na yaman sa Asya para sa kanilang sariling interes lamang.
 - Hindi, dahil nagpaligsahan ang mga Kanluranin sa pagpalawak ng lupain upang kilalaning pinakamakapangyarihan sa Timog at Kanlurang Asya.
4. Sinasabing ang aklat ni Marco Polo ang siyang gumising sa kuryosidad at imahinasyon ng mga Europeo upang makipagsapalaran sa ibayong dagat para marating ang Asya. Ano ang pinakaangkop na mensahe ang nais ipahiwatig nito?
- Naging masaya ang buhay ng mga Europeo.
 - Lahat ng Europeo ay nakarating ng Asya.
 - Naging daan ito nang pananakop ng mga Europeo sa Asya.
 - Ginawang inspirasyon ng lahat ng Europeo ang aklat sa kanilang pamumuhay.
5. Ito ang mga dahilan na udyok sa mga Kanluranin na magtungo sa Asya.
- | | |
|------------------|------------------------------------|
| 1. Merkantilismo | 3. Paglaktap ni Marco Polo |
| 2. Renaissance | 4. Ang pagbagsak ng Constantinople |
- A. 1 at 2 B. 2 at 3 C. 1, 2, at 3 D. 1, 2, 3, at 4
6. Ang sumusunod ay epekto ng unang yugto ng imperyalismo at kolonyalismo MALIBAN sa isa, alin dito?
- Paglaktap ng ugnayan sa silangan at kanluran.
 - Paglaganap ng sibilisasyong kanluranin sa silangan.
 - Pagbabago ng *ecosystem* ng daigdig bunga ng pagpapalitan ng kalakal.
 - Interes sa bagong pamaraan at teknolohiya sa heograpiya at paglalayag.
7. Ang bansang Portugal at Spain ay hinangad na sakupin ang mga bansa sa Asya _____.
- upang manatili sa kapangyarihan at malayang makapanakop.
 - upang tanghaling pinakamakapangyarihang bansa sa mundo.
 - upang makuha ang Moluccas.
 - upang makilala.
8. Ang sumusunod ay pagbabagong naganap sa panahon ng renaissance, alin ang HINDI kabilang sa mga ito?
- Naging masigasig ang mga mangangalakal sa larangan ng eksplorasyon.
 - Napalitan ng maka-aghams na pag-iisip mula sa pagiging mapamahiin.
 - Natuon ang interes ng tao sa istilo at disenyo.
 - Nagpayaman ang mga pinuno ng simbahan.
9. Ang sumusunod ay pangunahing layunin ng kolonisasyon.
- | | |
|------------------|--------------------------------------|
| 1. Pangkabuhayan | 3. Ang pagpapalawak ng kapangyarihan |
| 2. Pangrelihiyon | 4. Pakikipagkaibigan |
- A. 1, 2, at 3 B. 1, 2, at 4 C. 1, 3, at 4 D. 2, 3, at 4

10. Ang pagpapalawak ng prinsipyong pang-ekonomiya upang itaguyod ang kayamanan at kapangyarihan ay kilala rin sa tawag na sistemang _____.
- A. Kolonyalismo
B. Ekspedisyon
C. Merkantilismo
D. Industriyalismo
11. Ang sumusunod ay naging epekto ng kolonisasyon sa Asya, alin ang HINDI kabilang sa mga ito?
- A. Pagtatatag ng mga organisasyon ukol sa paglaban sa mga mananakop.
B. Naging pamilihan ng mga hilaw na materyal.
C. Pagpapatayo ng mga paaralan.
D. Pagsasarili.
12. Ang sistemang merkantilismo na ipinatupad ng mga Europeo ay_____.
- A. nagpabilis sa kalakalan ng Asya at Europa.
B. nagpabagal sa kalakalan ng Asya at Europa.
C. naging batayan ng kapangyarihan ng mga bansa sa Europa.
D. ang nagtustus sa mga bansang Europeo sa kanilang pangangailangan.
13. Ang sumusunod ay mabubuting naging dulot ng krusada, alin ang HINDI kabilang sa mga ito?
- A. Nagkaroon ng ugnayan sa silangan ang mga Europeo.
B. Nagpasigla ng kalakalan sa pagitan ng Europa at Asya.
C. Maraming Europeo ang nagkainteres na makarating sa Asya.
D. Naging makaagham ang pag-iisip mula sa mga pamahiin.
14. Bago naganap ang pagsilang ng renaissance, ang buhay ng mga tao sa Europa ay nakasentro sa _____.
- A. komersyo
B. sining
C. eksplorasyon
D. relihiyon
15. Ang pinakawastong kahulugan ng Renaissance ay _____.
- A. Muling pagsikat ng kulturang Helenistiko
B. Muling pagsilang ng kulturang Griyego-Romano
C. Panibagong kaalamang panrelihiyon sa Europa
D. Panibagong kaalaman sa Agham



Karagdagang Gawain


Panuto: Mula sa mapa ng Asya, kulayan ang mga bansang nasakop ng kapangyarihan ng Kanluranin. Ipaliwanag kung ano ang naging epekto ng pananakop sa mga saklaw nito. May nakalaang rubrik para sa inyong gawain.



Mapa ng Asya

Rubrik para sa Gawain

KATEGORIYA/ PAMANTAYAN	Pinakamahusay (5)	Higit na Mahusay (4)	Mahusay (3)	Pagbutihin (2)
Nilalaman	Higit na naipakita at naipaliwanag nang maayos ang mensahe	Naipakita at naipaliwanag ng maayos ang mensahe	May kulang at hindi gaanong maayos ang mensahe	Kulang at nakakalito ang mensahe
Pagkamalikhain	Gumamit ng tamang kombinasyon ng kulay	Medyo maayos na paggamit ng kulay	Hindi gaanong maaayos ang pagkulay	Walang kulay na ginamit
Kabuuang Presentasyon	Malinis at maayos ang kabuuang presentasyon	Medyo malinis at maayos ang kabuuang presentasyon	Hindi gaanong maayos ang kabuuang presentasyon	Hindi naging maayos ang kabuuang presentasyon
Kabuoang Marka	15	12	9	6



Susi sa Pagwawasto

Baliikan		
Lipunan	Kontribusyon	Kahalagahan
Sumer	Cuneiform; gulong; sistema ng panukat ng timbang at haba	Nakatuong sa mga pangangailangan lalo na sa pagsukat at pagtimbang ng mga nabiling pangangailangan
Phoenicia	Alpabeto; paggawa ng naglalakihang sasakyang pandagat;	Nagamit sa iba't ibang gawain katulad ng pangingsda, paglalayag, pangangalakal at pagbiyaha
Assyria	Epektibong serbisyong postal; maayos at magandang kalsada	Naging simula ng pagpadala ng sulat; napabilis ang pakikipagkalkalan
Babylonia	Batas ni Hammurabi	Nagamit at naging batayan sa paggawa ng iba't ibang alituntunin, ordinansa, at batas

Gawain 2		
Konsepto	Kahulugan	Kahalagahan
Merkantilismo	Prinsipyong pang-ekonomiya na naging batayan ng kapangyarihan ang maraming ginto at pilak	Nakilala ang pangdaigdig na pagbabangko
Constantinople	Bansang pinakamalapit sa kontinente ng Europe	Sumigla ang palitan ng kalakal at Europeo at mga Asyano
Krusada	Kilusan na inilunsad ng simbahang upang mabawi ang banal na lugar	Napasigla ang kalakalan sa Europa at Asya
Renaissance	Mula sa salitang Pranses na ang ibig sabihin ay panahon ng Muling Pagkabuhay	Nagbukas sa pagbabago sa larangan ng kalakalan at negosyo

Gawain 1	
Mananakop	Paraan ng Pananakop
Portugal	Nakikipagkalkalan
France	Nagtag ng samahan
Netherlands	Nakipaglaban at nakikipagkalkalan
England	Nagtag ng samahan
Spain	Ekspedisyon, kristiyanismo

Pagyamanin

- Subukin**
1. C
 2. D
 3. C
 4. C
 5. D
 6. B
 7. C
 8. D
 9. C
 10. A
 11. D
 12. D
 13. B
 14. D
 15. D

- Tayahin**
1. B
 2. D
 3. C
 4. C
 5. D
 6. C
 7. B
 8. D
 9. A
 10. C
 11. D
 12. C
 13. D
 14. D
 15. D

Sanggunian

Aklat

Blando, R C., Sebastian A.A., Espiritu A.C., Golveque E.C., Jamora A.M., Capua R.R., Victor S.A., Balgos S.I., Del Rosario, A.F. at Mariano, R.F. (2014) *ASYA: Pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba, Araling Panlipunan: Modyul para sa Mag-aaral*. Pasig City

Encyclopedia

Grolier Family Encyclopedia. United States of America: Danbury, Conn.: Grolier 1995. Vol. 13, p. 259, Vol. 15, p. 144, Vol. 18, p. 291

Mapa

Grolier Family Encyclopedia. United States of America: Danbury, Conn.: Grolier 1995. Vol. 2, p. 196

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph